Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IV-A CALABARZON
CITY SCHOOLS DIVISION OFFICE OF ANTIPOLO

LEARNER'S ACTIVITY SHEET IN ESP

IKALAWANG BAITANG

Ikaapat na Markahan – Week 4-8

Pangalan: _____ **Iskor:** _____

Baitang at Pangkat:_____ **Petsa:** _____

Kasanayang Pampagkatuto:

Naipapakita ang pasasalamat sa mga kakayahan at talinong bigay sa atin ng Panginoon

Alam mo ba?



Ang kakayahang magbasa, sumayaw at gumamit ng bisikleta ay ilan lámang sa mga kakayahan at talinong mula sa Diyos. Ipinakita din ang talino sa pagsali sa quizbee. Ang mga kakayahang ito ay masayang ibinabahagi ng bawat isa sa kanilang kapwa. Ito ay isang paraan ng pagpapakita ng pasasalamat sa Panginoon sa mga kakayahan at talinong kaloob Niya sa atin.

LIVEWORKSHEETS

Gawain 1

Panuto: Pagdugtungin sa Hanay B ang angkop na gawin bilang pasasalamat para sa talentong nasa Hanay A.

Hanay A	Hanay B
___ 1. Pagguhit	A. Sumali sa "choir" sa paaralan o simbahan.
___ 2. Pag- awit	B. Turuan ang kamag – aral na mahina sa klase.
___ 3. Husay sa matematika	C. Turuan ang mga batang nais matuto ng isport.
___ 4. Husay sa paghahalaman	D. Gumawa ng mga larawan para sa mga "frontliner".
___ 5. Husay sa isport	E. Makiisa sa programa ng barangay na pagtatanim.

LIVEWORKSHEETS

Gawain 2

Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang patlang ng bilang na nagpapakita ng kakayahan at ekis (x) naman kung hindi.

1. Nagagalit si Tin kapag natatalo sa mga paligsahan.
2. Tinuturuan ni Sam ang nakababatang kapatid na magbasa at magsulat.
3. Iniiwasang sumasali si Niko sa pagligsahan sa pag-awit kahit mahusay siya.
4. Nag- eensayo nang mabuti sa pagtula si Jing upang maging mas mahusay.
5. Nagboboluntaryong sumali sina Jun at Remi sa mga paligsahan sa paglalaro ng chess.
6. Si Maricel ay laging naglalaan ng oras para mag aral magbasa at magpaturo sa Math sa kanyang ama habang ito ay nakabakasyon gawa ng ECQ.
7. Si James ay walang sawang nag lalaro ng Mine Craft sa kanyang tablet dahil ito ang kanyang paraan para malibang sa bahay gawa ng Covid 19
8. Nakatutuwang pagmasdan ang mga anak ni Aling Dolly na ginagaya ang mga Arts and Crafts na kanilang pinanood sa kanilang computer.
9. Narinig ko naman si James na may bitbit na aklat, chalk at maliit na pisara at tinatawag ang kanyang mga nakababatang pinsan para turuan ng mga nagging leksyon sa paaralan ang mga ito.
10. Madalas kong maring ang pag awit ni Rowena ng mga awit papuri sa Panginoon tuwing ako ay dadaan sa tapat ng bahay nila at nakikita kong sabay sabay silang nanalangin mag anak ng pasasalamat sa lahat ng bagay na mayroon sila.

LIVEWORKSHEETS

Gawain 3

Panuto: Basahing mabuti ang mga sumusunod na pahayag. Isulat ang **Tama** kung ito ay nag papakita ng pagpapasalamat sa Panginoon sa iyong talino at kakayahan at Isulat ang **Mali** kung ito ay di nag papahayag o nag papakita ng pasasalamat sa Panginoon sa talino at kakayahan kanyang ibinigay.

1. Dahil wala naman klase ako ay maglalaro na lamang sa tablet at sa pagbabalik eskwela na lamang ako muli mag-aaral.
2. Tuturuan ko ang aking mga nakababatang kapatid sa pagsulat at pagbasa para maging handa sila sa pagbabalik-eskwela.
3. Ako at ang aking pamilya ay uugaliing mag dasal sa araw-araw ng pagpapasalamat sa Panginoon sa talino at kakayahan ibiniigay niya sa amin.
4. Kahit tayo ay humaharap sa pandemic na COVID19. Ako ay patuloy na maglalaan ng oras para sa aking pag aaral bumasa at sumulat ng dumami pa ang aking nalalaman.
5. Yayain ko na lang maglaro ng computer games ang aking mga kapatid habang bakasyon, at ma enjoy namin ang home quarantine dahil sa COVID-19.
6. Ipagyayabang ko sa lahat na aking kaibigan na ako ang matalino at magaling sa aming klase.
7. Tutulungan ko ang aking mga kaibigan na mapagyaman ang talino at kaniLang kakayahan sa pamamagitan ng paglalaro ng titser titseran.

LIVEWORKSHEETS

8. Maglalaro na lamang ako ng computer games at manonood ng mga paboritong cartoons sa youtube habang quarantine dahil sa covid 19. Kesa mag aral at magbasa kasama ang aking mga nakababatang kapatid.
9. Habang tayo ay nasa home quarantine dahil sa Covid 19 Yayain kong manood sa youtube ang aking mga kapatid ng mga palabas tungkol sa arts and crafts, o kaya'y mga palabas na nagtuturo ng pag gamit ng mga instrumentong pang musika. O mga palabas tungkol sa history para madagdagan ang aming kaalaman.
10. Yayain ko sila mama at papa pati na ang aking mga kapatid na mag Zumba at mag exercise para lumakas ang aming pangangatawan na makakatulong sa pag-iisip ng maayos at pagkilos ng mabilis at bilang paghahanda sa darating na home base schooling at higit sa lahat mapapalakas naming ang aming immune system panlaban sa virus na dala ng Covid 19.

LIVEWORKSHEETS